# Filipino A: literature – Higher level – Paper 2
# Filipino A: littérature – Niveau supérieur – Épreuve 2
# Filipino A: literatura – Nivel superior – Prueba 2

Thursday 5 May 2016 (afternoon)
Jeudi 5 mai 2016 (après-midi)
Jueves 5 de mayo de 2016 (tarde)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

**Instructions to candidates**

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the part 3 works you have studied and compare and contrast these works in response to the question. Answers which are not based on a discussion of at least two part 3 works will not score high marks.
- You are not permitted to bring copies of the works you have studied into the examination room.
- The maximum mark for this examination paper is **[25 marks]**.

**Instructions destinées aux candidats**

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un seul sujet de composition. En basant votre réponse sur au moins deux des œuvres de la troisième partie que vous avez étudiées, vous devez comparer et opposer ces œuvres dans le cadre du sujet. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la troisième partie n'obtiendront pas une note élevée.
- Vous n'êtes pas autorisé(e) à apporter des exemplaires des œuvres que vous avez étudiées dans la salle d'examen.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d'examen est de **[25 points]**.

**Instrucciones para los alumnos**

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Conteste una sola pregunta de redacción. Base su respuesta en al menos dos de las obras estudiadas de la parte 3, comparándolas y contrastándolas en relación con la pregunta. Las respuestas que no se basen en al menos dos obras de la parte 3 no recibirán una puntuación alta.
- No está permitido traer copias de las obras estudiadas a la sala de examen.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es **[25 puntos]**.


© International Baccalaureate Organization 2016

Sagutin ang **isang** tanong lamang. Dapat ibatay ang iyong sagot **sa kahit man lamang dalawang** akdang nasa Bahagi 3 na iyong napag-aralan at **ikumpara o pag-ibahin** ang mga akdang ito bilang tugon sa tanong. Ang mga sagot na hindi nakabatay sa pagtalakay ng kahit man lamang dalawang akda mula sa Bahagi 3 ay **hindi makakakuha** ng matataas na marka.

**Nobela**

**1.** Paghambingin ang mga paraang ginamit sa kahit man lamang dalawang nobela ng magkakaibang awtor na iyong napag-aralan sa paglalahad at pagpapaigting ng iba't ibang uri ng tunggalian.

**2.** Suriin at paghambingin kung gaano kaangkop ang wikang ginamit sa kahit man lamang dalawang nobela ng magkakaibang awtor na iyong napag-aralan sa partikular na panahon, lugar at mga tauhang inilarawan.

**3.** Paghambingin at pag-ibahin ang mga teknik na ginamit ng kahit man lamang dalawang manunulat sa iyong pag-aaral sa kanilang paglarawan ng kababaihan at ang mga epekto nito.

**Maikling kwento**

**4.** Suriin ang iba't ibang paraan ng paglikha muli ng isang partikular na panahon sa kahit man lamang dalawang akda ng magkakaibang awtor ng iyong napag-aralan.

**5.** Paghambingin ang mga kasangkapang pampanitikang ginamit sa kahit man lamang dalawang akda ng magkakaibang awtor na iyong napag-aralan para sa paglikha ng mga higit na makatotohanang tauhan.

**6.** Suriin ang mga katapusang iniwang nakabitin sa kahit man lamang dalawang akda ng magkakaibang awtor na iyong napag-aralan at tingnan ang mga epektong dulot ng mga di resolbadong problema.

**Dula**

**7.** Paghambingin at pag-ibahin kung paano, sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan, ang kung hindi sana'y mga pangkaraniwang tauhan lamang ay nagagawang mas matingkad at katangi-tangi.

**8.** Paghambingin at pag-ibahin ang mga kasangkapang pampanitikan na ginamit sa kahit na dalawang akda ng magkakaibang mandudulang iyong napag-aralan para gawing napakainteresante ng dula sa unang eksena pa lamang nito.

**9.** Suriin ang mga teknik na ginamit sa kahit man lamang dalawang dula ng magkakaibang mandudulang iyong napag-aralan na naglulusaw ng espasyo sa pagitan ng nagtatanghal at manonood at mga epekto dulot nito.

**Tula**

**10.** Batay sa kahit man lamang dalawang akda ng magkakaibang makata na iyong napag-aralan, hanggang saan masasabing ang yaman ng tula ay nasa mga metapora nitong maaaring magkaroon ng patong-patong na kahulugan?

**11.** Paghambingin ang kahit man lamang dalawang akda ng magkakaibang makata na iyong napag-aralan na nagpapakita kung paano sa isang partikular na sandali, matagumpay na nahuhuli ang isang makapangyarihang ideya o nag-uumapaw na damdamin.

**12.** Batay sa kahit man lamang dalawang akda ng magkakaibang makata na iyong napag-aralan, talakayin ang epektibong paggamit ng kolokyal at pang-araw-araw na wika sa pagdagdag ng kakaibang tekstura at kulay sa isang partikular na poetikong danas.

**Prosa-hindi kathang-isip**

**13.** Paghambingin at pag-ibahin ang kahit man lamang dalawang akda ng magkakaibang manunulat na iyong napag-aralan na nagpapakita ng mahigpit na pagkakaisa ng struktura at ideya.

**14.** Batay sa paghambing ng kahit man lamang dalawang akda ng magkakaibang manunulat na iyong napag-aralan, suriin kung paano naisisiyasat ang isang sosyo-pulitikal na usapin sa malikhaing paraan at ang mga epektong dulot nito.

**15.** Paghambingin at pag-ibahin ang pagkamabisa ng pag-apela sa katwiran at/o damdamin sa kahit man lamang dalawang akda ng magkakaibang manunulat na iyong napag-aralan.